## I. PAHAYAG NG PATAKARAN

Nakatuon ang LPCH sa tuloy-tuloy na pagbibigay ng patas na diskwento sa mga indibidwal na walang insurance, o, sa ilang sitwasyon, may insurance ngunit walang saklaw ng insurance para sa ilang partikular na medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na iniaalok ng LPCH, ngunit hindi karapat-dapat para sa Diskwento sa Pangangailangang Pinansyal na nakatakda sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong/Pangkawanggawang Pangangalaga ng ospital. Ipinapakita sa mga diskwentong ito ang pagnanais ng LPCH na tumugon sa mga indibidwal na pinansyal na sitwasyon ng mga pasyente nito, habang natutugunan ang mga misyong hindi para sa kita at para sa pagtuturo nito, at natutugunan ang mga layunin nito hinggil sa estratehiya, pagpapatakbo, at pinansya.

Ang Patakaran ay nagtatakda ng mga alituntunin para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance. Iniaalok ang diskwento sa mga pasyenteng nakatira sa United States para sa mga serbisyo sa ospital na ibinibigay ng LPCH at mga serbisyo ng doktor na ibinibigay ng mga gurong doktor na nagtatrabaho sa Stanford University. Ang LPCH ay may mga hiwalay na alituntunin sa diskwento para sa aming mga internasyonal na pasyenteng pinaglilingkuran sa pamamagitan ng aming Mga Serbisyo sa Internasyonal na Pasyente ng Stanford Children.

## II. MGA PAMAMARAAN

### A. DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE – MGA ALITUNTUNIN

1. Kahulugan ng Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance:

a. Sa ilalim ng Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance, lilimitahan ng LPCH ang inaasahang babayaran ng isang Pasyenteng Walang Insurance para sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ng ospital at doktor, ayon sa paglalarawan sa mga terminong iyon sa ibaba, sa halagang tutukuyin ng LPCH na nasa hanay sa pagitan ng average na diskwento mula sa mga sinisingil na singilin para sa lahat ng tagapagbayad ng komersyal na may bayad na serbisyo (fee-for-service) na pinapamahalaang pangangalaga at ng pinakamababang diskwentong ibinibigay sa sinumang tagapagbayad ng pinapamahalaang pangangalaga. Ang halaga ng Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance ay susuriin taon-taon at maaaring magbago anumang oras nang walang abiso. Para sa impormasyon sa kasalukuyang rate ng Diskwento, tingnan ang Kalakip A.

b. Kung gusto ng pasyente na humingi ng mas malaking pinansyal na tulong kaysa sa kasalukuyang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance, ang pasyente ay ire-refer sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong/ Pangkawanggawang Pangangalaga ng LPCH at maaaring magkumpleto ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong alinsunod sa Patakarang iyon.

c. Hindi karapat-dapat para sa isang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance ang isang pasyenteng may third-party na saklaw ngunit itinuring ng naturang third-party payor ang LPCH at/o ang Mga Doktor nito bilang mga hindi lumalahok na provider o “wala sa network.” Dapat makipag-ugnayan ang mga naturang pasyente sa Sentro ng Serbisyo sa Customer ng LPCH sa (800) 308-3285 upang talakayin ang mga opsyon sa pagbabayad.

2. Mga Serbisyo sa Pagiging Karapat-dapat:

a. Malalapat ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance sa mga medikal na kinakailangang serbisyo sa ospital na ibinibigay sa o ng LPCH. Bukod pa rito, sumang-ayon ang mga gurong doktor na nagtatrabaho sa Stanford University (Mga Doktor ng Stanford) na malalapat din ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance sa ilalim ng Patakarang ito sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ng doktor na ibinibigay sa LPCH ng Mga Doktor ng Stanford. (Ang mga pasyenteng ginagamot ng isang doktor na hindi Doktor ng Stanford ay maaaring direktang makipag-ugnayan sa kanilang doktor upang magtanong kung may available na diskwento para sa mga serbisyo ng doktor na ibinibigay ng Doktor na Wala sa Stanford; hindi sinasaklaw ng Patakarang ito ang naturang serbisyo ng doktor.)

Kung sakaling hindi sigurado kung medikal na kinakailangan ang isang partikular na serbisyo, ang Chief Medical Officer ng LPCH ang gagawa ng pagpapasya.

Maliban sa partikular na nakasaad, ang pagbanggit sa Patakarang ito ng "mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan" o "mga serbisyo sa ospital" ay tutukoy sa mga naturang serbisyong medikal na kinakailangan sa ospital, at ang pagbanggit ng "mga serbisyo ng doktor" ay tutukoy sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ng doktor na ibinibigay ng Mga Doktor ng Stanford.

b. Mga serbisyong karaniwang hindi itinuturing na medikal na kinakailangan at samakatuwid ay hindi karapat-dapat para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance:

(1) Mga serbisyo sa Reproductive Endocrinology at Infertility (tingnan ang hiwalay na patakaran para sa Fertility – Diskwento sa Walang Insurance na Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance)

(2) Mga serbisyo sa cosmetic o plastic surgery

(3) Mga serbisyo sa pagwawasto ng paningin kabilang ang LASEK, PRK, Conductive Keratoplasty, Intac's corneal ring segments, Custom contoured C-CAP, at Intraocular contact lens

(4) Mga hearing aid at mga device na tumutulong sa pagdinig

c. Sa mga bihirang sitwasyon kung saan ituturing ng isang Doktor ng Stanford na maedikal na kinakailangan ang isa sa mga serbisyong ito, maaaring maging karapat-dapat ang mga naturang serbisyo para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance pagkatapos ng pagsusuri at pag-apruba ng Chief Medical Director ng LPCH. Nakalaan sa LPCH ang karapatang baguhin ang listahan ng mga serbisyong ituturing na hindi medikal na kinakailangan sa sarili nitong pagpapasya.

d. Ang mga pangalawang opinyon ay hindi itinuturing na mga medikal na kinakailangang serbisyo ng ospital o doktor at samakatuwid ay hindi karapat-dapat para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance.

3. Mga Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Pasyenteng Walang Insurance:

a. Ibibigay ng LPCH ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance sa mga indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng Pasyenteng Walang Insurance ayon sa nakatakda sa ibaba at nagpapatunay sa kanilang pagiging karapat-dapat.

b. Ang isang Pasyenteng Walang Insurance para sa Patakarang ito ay isang indibidwal na nakakatugon sa mga pamantayang nakatakda sa (1) at (2):

(1) Ang terminong "pasyente" ay tutukoy din sa "pamilya" ng pasyente. Ang "pamilya" ng pasyente ay tumutukoy sa:

(a) Para sa isang indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda, ang asawa, domestic partner, at mga dependent na anak ng indibidwal na iyon na wala pang 26 na taong gulang, nakatira man sa bahay o hindi.

(b) Para sa isang indibidwal na wala pang 18 taong gulang, ang magulang, tagapangalaga, mga kamag-anak, at iba pang anak ng magulang, tagapangalaga, o kamag-anak ng indibidwal na iyon na wala pang 26 na taong gulang.

(2) Ang pasyente ay "nagbabayad para sa sarili (self-pay)" at samakatuwid ay ituturing na "walang insurance" para sa Patakarang ito kung nalalapat ang alinman sa mga sumusunod:

(a) Ang pasyente ay walang third-party na saklaw mula sa isang insurer ng kalusugan, plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, Medicare, o Medi-Cal, at walang pinsalang babayaran para sa bayad sa mga manggagawa, insurance ng sasakyan, o iba pang insurance ayon sa natukoy at naidokumento ng LPCH.

(b) Ang pasyente ay may third-party na saklaw, ngunit naabot na ng pasyente ang limitasyon ng benepisyo para sa naturang saklaw bago ang pag-admit sa LPCH.

(c) Ang pasyente ay may third-party na saklaw ngunit ang third-party na nagbabayad ay hindi nagbigay ng saklaw o hindi nagbibigay ng saklaw para sa mga partikular na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kung saan naghahangad ang pasyente ng paggamot mula sa LPCH.

(d) Ang pasyente ay may third-party na saklaw ngunit ang medikal na kinakailangang serbisyo ay hindi sinasaklaw na benepisyo sa ilalim ng third-party na plano ng pasyente.

4. Impormasyong Ibibigay ng Pasyente para sa Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat:

a. Tutukuyin ng LPCH ang pagiging karapat-dapat para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance alinsunod sa Patakarang ito, at hindi nito isaalang-alang ang edad, kasarian, lahi, katayuan bilang imigrante, sekswal na oryentasyon, o pinaniniwalaang relihiyon ng isang indibidwal.

b. Ang isang pasyenteng may third-party na saklaw at nag-a-apply para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa naturang saklaw gaya ng hinihiling ng LPCH upang makagawa ng independiyenteng pagpapasya ang ospital kung ang pasyente ay isang Pasyenteng Walang Insurance ayon sa nakatakda sa itaas.

c. Umaasa ang LPCH na ganap na makikipagtulungan ang isang pasyente sa proseso ng pangangalap ng impormasyon sa ilalim ng Patakarang ito, at kapag hindi ito ginawa, maaaring maapektuhan ang kakayahan ng ospital na ibigay ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance.

B. ABISO SA PUBLIKO

1. Ang abiso sa publiko tungkol sa availability ng Pinansyal na Tulong sa ilalim ng patakarang ito ay isasagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

a. Ipinapaliwanag ng mga naka-post na abiso na may iba't ibang available na opsyon ang LPCH kabilang ang mga diskwento at pinansyal na tulong sa mga pasyenteng walang insurance o hindi sapat ang insurance.

b. Maglalagay sa mga abiso ng numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan na maaaring tawagan ng isang pasyente upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga naturang diskwento at pinansyal na tulong.

2. Ang website ng LPCH ay may pagpapaliwanag ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong / Pangkawanggawang Pangangalaga, Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance, availability ng naturang tulong at mga diskwento, at numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan.

3. Ipinapaalam ng mga billing statement ng LPCH sa pasyente na available ang Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Sentro ng Serbisyo sa Customer ng LPCH.

## III. PAGSUNOD

A. Ang lahat ng miyembro ng workforce kabilang ang mga empleyado, nakakontratang tauhan, mag-aaral, boluntaryo, medikal na tauhang may kredensyal, at indibidwal na kumakatawan o nagsasagawa ng mga gawain sa LPCH ay responsable sa pagtitiyak na sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito;

B. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Manager ng Departamento at sa anupamang naaangkop na Departamento ayon sa tutukuyin ng Manager ng Departamento, o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang matukoy ang uri, hangganan, at potensyal na panganib ng mga ito sa ospital. Ang mga miyembro ng workforce na lalabag sa patakarang ito ay papatawan ng naaangkop na parusa na hanggang sa, at kabilang ang, pagkakatanggal sa trabaho.

## IV. MGA APPENDIX

A. Kalakip A: Impormasyon sa Kasalukuyang Rate ng Diskwento

## V. IMPORMASYON NG DOKUMENTO

A. Legal na Awtoridad/Mga Sanggunian
Wala

B. May-Akda/Orihinal na Petsa
Hunyo 2007, David Haray, Vice President, Patient Financial Services

C. Gatekeeper ng Orihinal na Dokumento
Mga Coordinator at Editor ng Pang-administratibong Manual ng LPCH

D. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay

1. Ang patakarang ito ay nasa Pang-administratibong Manual ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.
2. Ang mga bagong dokumento o anumang binagong dokumento ay ipapamahagi sa mga may hawak ng Pang-administratibong Manual. Ang manager ng departamento/unit/klinika ang magiging responsable sa pagpapaalam ng impormasyong ito sa naaangkop na tauhan.

E. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew

Susuriin at/o babaguhin ang patakarang ito kada tatlong taon, o kung kinakailangan ayon sa pagbabago ng batas o kasanayan. Ang anumang mga pagbabago sa Patakaran ay dapat na aprubahan ng parehong mga entity o taong nagbigay ng paunang pag-apruba.

F. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago

Hunyo, 2007, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, Gary May, VP Managed Care, SUMC, David Haray, VP Patient Financial Services, SUMC
Nobyembre, 2007, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, Gary May, VP Managed Care, SUMC, David Haray, VP Patient Financial Services, SUMC
Pebrero 2011, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, S. Shah (Clinical Accreditation)
Mayo 2013, Marta Miller, PASC Director, Bret Kelsey, PFS CRO
Abril 2015, Shawn Tienken, Revenue Cycle Director, Bret Kelsey, PFS CRO
Agosto 2018, PFS Ops at Office of the General Counsel
Agosto 2021, Shawn Tienken, Revenue Cycle Director

G. Mga Pag-apruba

Setyembre 2007, LPCH Board of Directors Public Policy
Pebrero 2011, LPCH VP Ops
Abril 2011, LPCH Board of Directors Public Policy and Community Service Committee
Mayo 2013, Marta Miller, PASC Director, Bret Kelsey, PFS CRO
Abril 2015, Shawn Tienken, Revenue Cycle Director, Bret Kelsey, PFS CRO
Abril 2015, LPCH Finance Committee of the Board
Abril 2019, LPCH Finance Committee of the Board
Setyembre 2021, LPCH Board of Directors

Ang dokumentong ito ay ginawa para gamitin ng mga tauhan ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.
Walang representasyon o garantiya na ginagawa para gamitin sa labas ng institusyon.
Hindi ito maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng institusyon nang walang pahintulot.
Idirekta ang Mga Katanungan sa: LPCHAdminPolicy@stanfordchildrens.org.

Kalakip A:

## Impormasyon sa Kasalukuyang Rate ng Diskwento
## Mula Setyembre 1, 2021

A. Alinsunod sa Patakarang ito, maaaring makatanggap ang Mga Indibidwal na natukoy bilang Mga Pasyenteng Walang Insurance ng limampung porsyentong (50%) diskwento sa mga sinisingil na singilin para sa mga serbisyong kwalipikado bilang medikal na kinakailangan. Malalapat ang diskwentong ito sa mga bayarin sa ospital na sinisingil ng Lucile Packard Children's Hospital (LPCH), at mga bayarin sa doktor ng mga gurong doktor na nagtatrabaho sa Stanford University (Mga Doktor ng Stanford).

Ang mga kasalukuyang halaga ng diskwento ay susuriin taon-taon at maaaring magbago anumang oras nang walang abiso.